



## Philippine Society of Medical Oncology

Unit 1418, 14/F, North Tower,  
Cathedral Heights Bldg. Complex,  
St. Luke's Medical Center,  
E. Rodriguez Ave., Quezon City 1112

Telefax: (632) 721-9326  
(632) 723-0101 loc. 5318



Email add: [inquiries@psmo.org.ph](mailto:inquiries@psmo.org.ph)  
[psmo\\_secretariat@yahoo.com](mailto:psmo_secretariat@yahoo.com)

Website: [www.psmo.org.ph](http://www.psmo.org.ph)

 [/cancerexpertsphilippines](https://www.facebook.com/cancerexpertsphilippines)

 [@cancerexperts](https://www.instagram.com/cancerexperts)


 [@oncologyph](https://twitter.com/oncologyph)



# LUNG CANCER ○ KANSER SA BAGA

## Ano ang Lung Cancer?

Ang kanser ay ang abnormal na pagdami ng cells sa kahit anong parte ng katawan. Kapag ang kanser ay nagsimulang tumubo sa baga, ito ay tinatawag na Lung Cancer. Ang Lung Cancer ay ang pangalawang pinaka-laganap na kanser sa Pilipinas (sumusunod sa breast cancer) at nangungunang sanhi ng pag pagkamatay sa lahat ng uri ng kanser.



## Saan nakukuha ang Lung Cancer?


Ang mga sumusunod ay ang mga maaaring kadahilanan (risk factors) ng pagkakaroon ng Lung Cancer:

1. Paninigarilyo
2. Pagkakaroon sa ilang mga lason sa paligid (buga ng sigarilyo ng iba, sadon, asbestos, atbp.)
3. Pagkakaroon ng kamag-anak ng may Lung Cancer
4. Polusyon sa hangin galing sa sasakyan, industriya at planta ng kuryente

Mahalagang malaman na hindi lahat ng nagkakaroon ng Lung Cancer ay may isa sa mga risk factors na nabanggit. Base sa statistics, tatlo (3) sa sampung (10) katao na may Lung Cancer ay hindi naninigarilyo. Nguni't malaki pa rin ang naibabawas sa tsansa na magkaroon ng Lung Cancer kung ititigil o hindi sisimulan ang paninigarilyo.

## Paano matutuklasan ang Lung Cancer?

Ang Lung Cancer ay kadalasang unang nakikita sa mga test tulad ng X-ray at CT Scan na nagpapakita ng bukol o tubig sa baga. Masasabing kanser ang bukol o tubig kapag ito'y na kumpirma sa pamamagitan ng biopsy. Mas mainam na matuklasan ang kanser habang ito'y nagsisimula pa lamang at hindi pa lumaki o kumalat sa ibang parte ng katawan.



## Ano ang mga sintomas ng Lung Cancer?

Ang maaaring sintomas ng bukol o tubig sa baga ay ang sumusunod:

- Matagal o walang lunas na pag-ubo (lampa walang linggo)
- Hirap sa paghinga, paghihinga o pag-hinga na parang may hika
- Dugo sa plema
- Pananakit sa dibidb
- Pamamalat
- Pananakit ng ulo o pamamaga ng mukha, leeg o bisig

Maari ring magkaroon ng ibang karaniwang sintomas ng mga kanser, tulad ng:

- Pangangayayat
- Walang ganang kumain
- Pabalik-balik na lagnat
- Pagkahapo

## Ano ang gagawin kung may mga sintomas na maaaring dulot ng Lung Cancer?

Mahalaga ang agarang pag-konsulta sa isang duktor kung mayroong nararamdamang kahit isa sa mga nabanggit na sintomas. Maaaring lumapit sa inyong Family o Community Doctor, sa isang dalubhasa sa Internal Medicine, isang Pulmonologist, o sa Cancer Specialist.